WORKSAFE

Mahi Haumaru Aotearoa

# Impormasyon para sa mga biktima at pamilya tungkol sa pag-unawa ng enforceable undertakings

Ang Enforceable Undertakings (mga EU) (mga maipapatupad na kasunduan) ay alternatibong interbensyon na magagamit ng isang taong lumabag (kabilang ang paratang na paglabag) sa Health and Safety at Work Act 2015 (HSWA).

Ang mga EU ay pinapahintulutan sa ilalim ng HSWA at idinisenyo upang magbigay ng oportunidad para makapagwasto ng isang insidente. Nangangailangan ito ng pangako na isulong ang pagbabago sa kalusugan at kaligtasan sa pamamagitan ng pagpapabuti ng kalusugan at kaligtasan sa kanilang lugar ng trabaho, sa malawakang industriya, sa kanilang lokal na komunidad at, mas mahalaga para sa iyo - mga pagwawasto sa mga biktima at sa kanilang mga minamahal. Ang kasunduan ay ligal, at ang mga aktibidad ay dapat 'magtakda ng mas mataas na pamantayan' o paunti-unting magtaguyod ng mga mas mataas na pamantayan ng kalusugan at kaligtasan sa partikular na lugar ng trabaho, industriya o sektor. Hindi ito isang mas madaling opsyon.

Hindi ipapataw ang mga EU sa isang duty holder (may hawak ng tungkulin) at hindi namin iaalok ito – ito ay isang kusang inisyatiba.  Ang isang duty holder ay dapat mag-aplay para sa isang EU sa pamamagitan ng 'pagrehistro ng interes', kasunod ang isang aplikasyon para sa isang EU. Kung tatanggapin namin ang EU, gagawin namin ito dahil sa aming palagay ay sulit ang mga pakinabang nito. Susubaybayan namin ang EU at titiyaking ito ay makukumpleto sa mataas na pamantayan. Kung hindi matutugunan ng duty holder ang aming mga inaasahan, mayroon kaming isang hanay ng mga opsyon, kabilang ang kakayahang muling bisitahin ang pag-uusig.

## Mga timeline (itinakdang panahon) at ang tungkulin ng mga biktima at pamilya

Ang pagtanggap sa isang EU ay mangangailangan ng pag-uurong ng mga sakdal (kung naisagawa na ang pag-uusig). Karaniwan ay ipagpapaliban ng mga Korte ang paglilitis upang bigyan ng panahon ang duty holder na dumaan sa proseso ng EU. Ang mga aplikasyon sa EU ay karaniwang may ilang mga aspeto na dapat saklawin, na nangangahulugang maaaring matagalan ang paghahanda at pagsusumite nito para maisaalang-alang.

Kapag naisumite na, pag-aaralan ng EU Panel ang aplikasyon. Ang Panel ay binubuo ng maliit na grupo ng mga senior advisor at senior leadership stakeholder na kumakatawan sa maistratehiya at pampatakbong mga prayoridad ng WorkSafe. Ang pangwakas na kasunduan ay para sa duty holder at WorkSafe. Sa huli, kusa ang pag-abot sa kasunduan, at isasaalang-alang ang ilang mga salik. Ipinapaliwanag ito nang higit pa sa ibaba.

Bilang bahagi ng proseso, ang iyong opinyon, na mahahalaga, ay isasaalang-alang ng Panel. Hiniling man o hindi ng duty holder ang iyong opinyon habang inihahanda ang kanyang aplikasyon, hihilingin at isasaalang-alang niya/namin ang iyong opinyon tungkol sa aplikasyon kapag natanggap na ito ng Panel. Tatalakayin namin sa iyo kung sinusuportahan mo ang EU at, kung naaangkop, ang iyong  opinyon tungkol sa mga partikular na panukalang aktibidad o inisyatiba. Maaari ring isaalang-alang ng Panel ang impormasyong galing sa iyo kaugnay sa insidente at kung paano ka naapektuhan nito.

WSNZ_4584_MAY 25_TAGALOG

Ang EU ay hindi isang simple o madaling paraan. Ito ay isang seryoso at ligal na pangako. Dapat sundin ng duty holder ang mga takda at kondisyon ng napagkasunduang EU, na susubaybayan naming mabuti. Kung lalabag siya sa mga takdang ito, maaaring ipagpatuloy ng WorkSafe ang pang-uusig at maaaring pag-isipan ang karagdagang sakdal kaugnay sa paglabag sa EU. Ang duty holder ay inaatasang magsumite sa WorkSafe ng regular at panghuling mga ulat ng pagsunod. Mananatiling may bisa ang EU hanggang sa ito ay opisyal na mawakasan.

## Isang pangako na isulong ang pagbabago sa kalusugan at kaligtasan at gumawa ng mga pagwawasto

Sa pamamagitan ng isang EU, may oportunidad ang duty holder upang magsagawa ng isang hanay ng mga aktibidad (dagdag pa sa iba pang mga pangako sa panghuling kasunduan) para sa pakinabang ng kanyang mga manggagawa, sa malawakang industriya at lokal na komunidad. Dapat ding isama sa EU ang mga katanggap-tanggap na pakikipag-ayos sa sinumang mga biktima. Mahalaga ang iyong mga opinyon at isasaalang-alang kasama ng mga pangako at aksyon na ibinalangkas ng EU. Mahalagang isaalang-alang ang mga pangkalahatang pakinabang ng EU, hindi lamang sa pagwawasto, kundi pati na rin sa pagtataguyod ng mas mataas na mga pamantayan at pangmatagalang pagpapabuti sa kalusugan at kaligtasan sa mga lugar ng trabaho at industriya. Ang pagsasaalang-alang ng Panel ay **hindi** isang negosasyon.. Gagawa ang aplikante ng aplikasyon na nag-aalok ng ilang partikular na mga aksyon at pangako, at magpapasya kami kung tatanggapin ito o hindi, ganito ang anyo ng proseso:

1. Ang duty holder **ay magrerehistro ng interes** sa WorkSafe sa isang EU.
2. Ang duty holder **ay magsusumite ng aplikasyon**.
3. Isasaalang-alang ng isang panloob na EU **panel** ang aplikasyon, pagkatapos ay:
   a. magbibigay ng feedback sa aplikante
   b. magrerekomendang tanggihan ang aplikasyon, o
   c. magrerekomendang tanggapin ang aplikasyon.
4. Pagkatapos, may gagawing panghuling proseso ng **paggawa ng desisyon** upang tanggapin/tanggihan ang aplikasyon.

Maaaring magtagal ang proseso ng aplikasyon para sa EU, kadalasan ay aabutin ng ilang buwan. Kailangan naming humiling ng mga pagpapaliban sa korte (court adjournments) upang isaalang-alang ng taga-usig ang aplikasyon – at kailangan naming isaalang-alang nang mabuti ang lahat ng mga salik para matiyak na tama ang aming gagawin.

Kapag tinanggap ang isang EU, ito ay isasapubliko. Inaatasan kami ng HSWA na isapubliko ang mga resulta ng mga EU sa aming website. Kabilang dito kung kailan namin tinanggap ang isang EU at ang aming mga dahilan sa pagtanggap nito.

## Mga salik na isinasaalang-alang

Una, titingnan namin ang insidente ayon sa konteksto:

Ano ang nangyari?

Ano ang kasaysayan ng duty holder?

Mayroon bang anumang mga salik na nagpapalala o nagpapagaan?

Pagkatapos, isasaalang-alang namin ang mga aktibidad (mga panukalang pakinabang sa kalusugan at kaligtasan **na mahigit o dagdag pa sa pagsunod** sa HSWA).

Panghuli, titingnan naming muli ang aplikasyon batay sa mga maistratehiyang prayoridad ng WorkSafe. Hindi kami naglalapat ng tiyak na kahalagahan sa anumang partikular na aspeto na nabanggit sa itaas. Sa halip, tinatasa namin ang kabuuang panukala ayon sa mga sirkumstansya ng insidente.

## Paano naman ang tungkol sa kompensasyon?

Tinutukoy ng mga Korte ang 'reparation' (bayad-pinsala) at ginagamit din ang salitang 'amends' (mga pagwawasto), dahil binibigyan kami nito ng bahagyang mas malawak na kakayahang pag-isipan ang (iba't ibang) mga alok ng kompensasyon.

Pagdating sa kabuuang kabayaran, inihahambing namin ang mga pagwawastong iniaalok sa pamamagitan ng EU sa malamang na halagang iuutos ng korte bilang bayad-pinsala. Layon naming tiyakin na wala kang disbentaha sa pagtanggap ng mga pagwawasto sa pamamagitan ng EU imbes na idaan sa korte ang usapin. Gayunpaman, mahalagang tandaan na hindi kami maaaring makipag-ayos para sa iyo.

## Paano ipapaalam ang iyong opinyon tungkol sa isang EU

Maaari itong mangyari sa ilang paraan, dahil maraming salik ang dapat isaalang-alang at maaaring magdepende sa:

1. Proseso: nasaang yugto na ang pag-uusig? Nasaang yugto at proseso na ang aplikasyon para sa EU?
2. Mga Relasyon: ano ang relasyon ng lahat ng kasangkot na partido at paano ka pinakamahusay na makakaugnayan para makuha ang iyong opinyon?

Magkakaroon ka ng pangunahing contact sa WorkSafe (karaniwan, ang pangunahing tagapag-imbestiga para sa kaso na kilala bilang Officer in Charge (OIC)). Aabisuhan ka nila kung ang proseso ng EU ay nasimulan na, ipapaliwanag ang proseso, at ang iyong maaasahan.

Inaasahan naming bibigyan ka ng duty holder ng nauugnay na impormasyon tungkol sa EU habang ito ay sumusulong (kadalasan bago pa namin malaman ang anuman tungkol dito) subali't alam namin na maaaring maging mahirap ang relasyong ito. Bagama't, sa unang pagkakataon, dito dapat manggagaling ang partikular na impormasyon tungkol sa mga panukalang aktibidad sa EU.

Narito kami upang gabayan ka nang madali hangga't maaari, upang direkta mong makontak ang EU team. Masisiyahan kaming mag-email sa iyo o tawagan ka para talakayin ito:
enforceableundertakings@worksafe.govt.nz

Nais maunawaan ng EU Panel ang iyong opinyon – kadalasan, ito ay kasingdali ng pakikipagtalakayan sa OIC o sa EU team. Isasaalang-alang din namin ang mga nakasulat na submission mula sa iyo o sa sinumang mga kinatawan na hihirangin mo.

Ang personal na impormasyon, kabilang ang iyong opinyon at anumang pangsuportang impormasyon, na iyong ibibigay sa WorkSafe bilang bahagi ng aplikasyon para sa EU ay gagamitin lamang ng WorkSafe para sa layunin ng proseso ng aplikasyon para sa EU. Hindi namin ibabahagi ang iyong personal na impormasyon maliban kung iuutos ito ng batas. Hahawakan namin nang ligtas ang iyong impormasyon alinsunod sa aming mga obligasyon sa ilalim ng Privacy Act 2020. May karapatan kang humiling ng kopya ng alinmang personal na impormasyong hawak namin tungkol sa iyo, at hilinging itama ito kung sa palagay mo ay mali ito. Kung gusto mong humiling ng kopya ng iyong impormasyon, o itama ito, paki-kontak ang EU team o kumpletuhin ang aming
Privacy Act request form

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkapribado, tingnan ang Privcy statement and policy ng WorkSafe.

## May iba pa bang maaasahan?

Magkakaiba-iba ang tagal na aabutin sa pagkumpleto. Kadalasan, maraming oras ang nauubos na tila walang pagsulong, at pagkatapos, lahat naman ay nangyayari nang sabay-sabay. Subali't makikipagtulungan kami sa iyo upang gabayan ka sa lahat ng ito. Kung mayroon kang ilang mga tala o journal bilang record ng mga bagay-bagay na nakaapekto sa iyo simula nang mangyari ang insidente, maaaring makatulong ang mga ito sa paghahanda para sa pagbabahagi sa amin ng iyong opinyon. Bibigyan ka namin ng mga update at kaalaman habang dumadaan ang EU sa mga yugto – subali't tandaan na habang ang usapin ay nakaharap sa korte, hindi maaaring makipag-usap tungkol sa anuman ang mga kawani ng WorkSafe na maaaring magsapanganib sa pag-uusig.

Mas gusto pa namin sa unang pagkakataon na hindi nangyari ang insidente na nakaapekto sa iyo. Ang mga EU ay alternatibong oportunidad sa paglutas upang sikapin at hadlangan na mangyaring muli ang mga bagay na ito. Ang isang tinanggap na EU ay nagpapakita ng pangako at nagbibigay ng oportunidad upang magsulong ng mas mataas na mga pamantayan at mas mainam na mga kalalabasan sa kalusugan at kaligtasan upang mapabuti ang kalusugan at kaligtasan para sa mga kasalukuyan at darating pang mga manggagawa sa Aotearoa.

Para sa mas detalyadong impormasyon, tingnan ang enforceable undertakings